

Para sa mga biktima ng karahasan ng asawa

(2008 edisyon)



Gender Equality Bureau, Cabinet Office

1 Batas sa pagpigil sa karahasan ng asawa at pagprotekta sa mga biktima

Sa taong 2001, ang “Batas sa pagpigil sa karahasan ng asawa at pagprotekta ng mga biktima” ay isinagawa upang protektahan ang mga biktima ng “spousal violence” o karahasan mula sa sariling asawa. Ang batas na ito ay binago sa kauna-unahang pagkakataon noong 2004 at sa taong 2007, upang mapatibay ang mga nilalaman nito. Ang batas na ito ay sumasakop rin sa lahat ng mga dayuhang naninirahan sa Japan.

May iba’t-ibang paraan o uri ng karahasang maaring maranasan mula sa sariling asawa.

Asawa: Maaring lalaki o babae. Kasali dito ang mga nagsasama o common law (hindi kasal) partners at dating asawa (sa kaso na kung saan ang pananakit o karahasan ay isinagawa bago at matapos maghiwalay).

Karahasan: Hindi lamang pananakit sa katawan, pati na ang “psychological” at “sexual” na karahasan (subalit ang “Protection Order” ay sumasakop lamang sa mga kaso ng pananakit sa katawan o pananakot sa sariling buhay, at iba pa).

Sa pagsagawa ng kanilang mga tungkulin o gawain, sang-ayon sa batas ay dapat bigyan ng sapat na konsiderasyon ng tagapangasiwa ang pisikal at mental na kondisyon ng biktima pati na ang kapaligiran nito at iba pa. Bukod pa rito, dapat igtalang ang karapatan nito bilang tao.

2 Counseling and Support Centers para sa mga biktima ng karahasan ng asawa

Ang mga “Spousal Violence Counseling and Support Centers” sa bawat prefecture ay nagbibigay ng sumusunod na mga uri ng kunsultasyon, pagpayo, pansamantalang proteksiyon para sa mga biktima at miyembro ng pamilya nito at iba’t-ibang impormasyon.

- 1 Kunsultasyon at paghanap ng mga organisasyong maaring magbigay ng payo.
 - 2 Pagpayo
 - 3 Pagtiyak sa kaligtasan sa oras ng kagipitan o emerhensiya at pansamantalang proteksiyon ng mga biktima at ang mga miyembro ng pamilya nito.
 - 4 Pagbigay ng mga impormasyon at iba pang uri ng suporta upang matulungang tumayo sa sarili ang biktima.
 - 5 Pagbigay ng mga impormasyong nauukol sa paggamit ng “Protection Order System” at iba pang uri ng suporta.
 - 6 Pagbigay ng mga impormasyong nauukol sa paggamit ng mga lugar na maaring silungan at hingan ng proteksiyon at iba pang uri ng suporta.
- * Sa mga suportang nabanggit sa 1 hanggang 6 sa itaas, ang mga proyektong itinataguyod ng iba’t-ibang Spousal Violence Centers ay maaring magkaiba sa bawat center.

3 Pansamantalang proteksiyon

Bukod sa pagsasagawa ng iba’t-ibang uri ng pagpapayo o counseling, ang Women’s Consulting Offices sa bawat prefecture ay nagbibigay rin ng pansamantalang proteksiyon para sa mga naging biktima ng spousal violence o karahasan ng asawa. Ang mga biktima ay maaring tumira ng ligtas sa maikling panahon, kasama ang mga anak kung kinakailangan o narapat. Ang pansamantalang proteksiyon ay kalimitang ipinagkakaloob sa pamamagitan ng mga private shelters at iba pang mga organisasyon.

Mga private shelters:

Ang mga private shelters para sa mga biktima ng karahasan ay pinangangasiwaan ng mga private-sector organizations, kung saan ang mga biktima ay maaring bigyan ng pansamantalang silong sa oras ng kagipitan o emerhensiya. Sa pamamagitan ng mga shelters na ito, nabibigyan ang mga biktima ng pook na masisilungan, pagkain at iba pa, pati na ang pagsasagawa ng mga counseling services. Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa pinakamalapit na Spousal Violence Counseling and Support Center, at iba pa.

4 Mga naaangkop na Welfare Systems

Depende sa inyong status of residence, kinikita at iba pang mga kondisyon, maari ninyong gamitin ang sumusunod na mga welfare

systems. Para sa mga detalye, sumangguni sa pinakamalapit na Spousal Violence Counseling and Support Center, at iba pa.

○ Medical insurance system

Sa Japan, ang lahat ng mamamayan ay miyembro o sakop ng ilang uri ng seguro o medical insurance. Bawat buwan, binabayaran ng isang miyembro ang kanyang insurance premium, at kapag nagpatingin ito sa isang pagamutan, bahagi lamang ng kabuuang halaga ang kailangan nitong bayaran.

Iba't-iba ang sistema ng seguro o medical insurance system depende sa trabaho, rehiyon at iba pa. Halimbawa, ang mga empleyado ng mga pribadong kompanya ay sakop ng Health Insurance nito at ang karaniwang mamamayang hindi nagtatrabaho sa isang kompanya ay sakop naman ng National Health Insurance.

Maaring magkaroon ng Health Insurance kahit anumang lahi o status of residence, pero hindi ito maaring ipagkaloob sa mga ilegal na manggagawa. Ang National Health Insurance ay ipinagkaloob sa mga dayuhang nagsagawa ng kanilang Alien Registration at kailangan na may isang taon ang tagal ng paglagi sa bansa.

Maaring gamitin ng biktima ang Health Insurance para patingnan sa isang manggagamot ang mga pinsalang natamo nito at anumang kondisyong naging resulta mula sa pananakit o karahasan ng sariling asawa. Bukod pa rito, may posibilidad na madiskubre ng asawang nagsasagawa ng karahasan ang pagamutang binibisita ng biktima sa pamamagitan ng mga resibong galing sa ospital, kaya maaring humiling ang biktima na baguhin ang address na padadalhan ng mga resibo.

○ Sistema ukol sa Child Benefits

Kasali rito ang Childcare Benefits na ibinibigay sa mga ina at iba pang kababaihang nagpapalaki ng mga bata habang hiwalay sa kanilang ama, katulad ng mga magulang na diborsiyado. Depende sa sistema, maaring magkaiba ang edad ng batang maaring tumanggap ng benepisyo.

Para naman sa child benefits, kung matutupad ang ilang kondisyon, maaring itigil ang pagbabayad ng child benefits sa mag-asawa, at ibigay lamang ang benepisyo sa biktima, sa pamamagitan ng pagsagawa ng nararapat na aplikasyon.

○ Public Assistance System

Sa ilalim ng sistemang ito, ibinibigay ang nararapat na halaga o pera at serbisyo depende sa sitwasyon ng paghihirap, tulad ng Livelihood Assistance, Educational Assistance at Medical Assistance. Ipinagkaloob ito sa mga mahihirap, kung saan naubos na ang lahat ng pag-aari pati ang kakayahan nitong magtrabaho.

Bagama't nasasakop lamang ang mga Japanese citizen sa ilalim ng batas, maaring ipagkaloob ito para maprotektahan ang mga dayuhang may sapat na status of residence, tulad ng mga Permanent o Long-Term Residents, na legal na naninirahan sa Japan at walang pagbabawal sa kanilang mga gawain sang-ayon sa Public Assistance Act.

5 Pagparusa sa mga nang-aabuso

Sa Japan, ipinagbabawal ang pisikal na pananakit at pagdulot ng pinsala sa katawan ng iba, kahit na ito ay ginawa sa sariling asawa. Kung kayo ay naging biktima ng ganitong uri ng karahasan, huwag mag-atubiling ipaalam ito sa pulisya.

6 Protection Orders

Sa kaso ng pananakit sa katawan ng isang biktima o di kaya'y pananakot sa buhay nito mula sa sariling asawa, kung saan posibleng magkaroon ng malubhang pinsala sa buhay o katawan sanhi ng patuloy o panibaong karahasan, isagawa ang isang Protection Order laban sa asawang nang-aabuso mula sa District Court sa pamamagitan ng isang petisyon o kasulatan mula sa korte. Ang sumusunod ay ang mga nilalaman ng Protection Order.

- 1 Kautusan na nagbabawal sa paglapit sa biktima: Kautusan na nagbabawal na lumapit ang isang asawang nagsagawa ng pag-abuso sa biktima o di kaya'y umaligid sa pook na kinaroroonan nito (maliban sa tahanan tinirhan ng biktima at ng asawa nito), sa pook ng trabaho, o iba pang lugar sa loob ng anim na buwan.
- 2 Kautusan na nagbabawal sa pagtawag sa pamamagitan ng telepono o iba pang paraan: Kautusan na nagbabawal sa isang asawang nagsagawa ng pag-abuso na magsagawa ng mga sumusunod sa loob ng panahong nabanggit sa Kautusan 1.
 - (1) Makiusap na magkita o magtagpo.
 - (2) Ipaalam sa biktima na sinusubaybayan nito ang kilos nito, at iba pa.
 - (3) Magaspang o bastos na pananalita o gawain.
 - (4) Pagtawag sa telepono ng wala namang sinasabi, o di kaya'y madalas o paulit-ulit na pagtawag sa telepono, pagpadala ng FAX o e-mail (maliban na lang kung importante o sa oras ng emerhensiya)
 - (5) Mga tawag sa telepono, FAX o e-mail sa gabi (sa pagitan ng 10 p.m. at 6 a.m.) (maliban na lang kung importante ito)
 - (6) Pagpapadala ng maruruming bagay, mga patay na hayop o mga bagay na nakakasuklam o nakakadiri, at iba pa.
 - (7) Pagbunyag ng mga bagay-bagay na maaring makasama sa karangalan o dignidad ng biktima at iba pa.
 - (8) Pagbunyag ng mga malalawang bagay, o pagpapadala ng mga dokumento, larawan o iba pang malalawang materyal na nakakainsulto, at iba pa.
- 3 Kautusan na nagbabawal sa paglapit sa anak o kamag-anak ng biktima, at iba pa: Kautusan na maaring ipatupad sa kasong dapat pigilin ang biktimang makipagkita sa asawang nagdulot ng pang-aabuso, kaugnay sa anak nito o kamag-anak, at iba pa. Ang

kautusang ito ay nagbabawal sa paglapit sa anak ng biktima (isang menor de edad na kasama ng biktima sa tirahan nito) o isang kamag-anak (kamag-anak ng biktima o isang taong kilala nito ng personal), pati na ang pagbabawal sa pag-aligid sa pook ng tirahan o trabaho ng biktima at iba pa, sa itinakdang panahong nabanggit sa Kautusan 1 sa itaas.

- 4 Kautusan para lisanin ang lugar o pook: Nag-uutos sa asawang nagdulot ng karahasan na lisanin ang tahanang tinitirhan kasama ng biktima at ipinagbabawal ang pag-aligid sa pook na tinitirhan ng biktima sa tagal ng dalawang buwan.

Ang paglabag sa Protection Order ay may pataw na pagkakulong na may kasamang “labor” na hindi hihigit sa isang taon o di kaya’y isang multa na hindi hihigit sa “one million yen”.

Ang petisyon para sa Protection Order ay kailangang maglaman ng mga sumusunod na mga bagay. Para sa karagdang detalye, sumangguni sa pinakamalapit na Spousal Violence Counseling and Support Center, at iba pa.

- Pangyayari kung saan isinagawa ang pananakit o pananakot sa buhay ng biktima
- May sapat na ebidensiya na nagpapatunay na nasa malubhang panganib pa rin ang biktima sanhi ng panibagong pananakit o karahasan ng asawa.
- Sapat na ebidensiyang nagpapatunay na kinakailangan ang isang Protection Order upang pigilin ang asawang nagsagawa ng pag-abuso na lapitan ang mga batang kasama ng biktima sa tirahan nito (kapag humiling ng isang kautusan upang pigilan ang paglapit sa mga batang kasama sa bahay o tirahan)
- Sapat na ebidensiyang nagpapatunay na kinakailangan ang isang Protection Order upang pigilin ang asawang nagsagawa ng pag-abuso na lapitan ang mga miyembro ng pamilya ng biktima o mga kakilala nito (kapag humiling ng isang kautusan upang pigilan ang paglapit sa isang miyembro ng pamilya, at iba pa)
- Ang nilalaman ng inyong konsultasyon at iba pa, kung kayo ay kumunsulta sa isang Pulis o sa tanggapan ng Spousal Violence Counseling and Support Centers (SV Centers).

Ang wikang Hapon ay ang ginagamit na lingwahe sa mga korte sa Japan. Dahil dito ang mga petisyon para sa Protection Order ay dapat isagawa sa wikang Hapon. Para sa mga taong hindi kayang bayaran ang gastos sa pagsalin ng mga dokumento ukol sa petisyon sa wikang Hapon, may isang sistema ng “Legal Aid” kung saan ang gastos ay sinasagot ng pansamantala at pagkatapos ay binabayaran ito sa pamamagitan ng installment.

7 Pagbabago ng tagal ng paglagi, pagbabago ng “Status of Residence”

Maari kayong mag-apply sa Immigration Bureau para sa pag-extend ng inyong “period of stay” o tagal ng paglagi sa Japan, o para baguhin ang inyong “status of residence” (na tinutukoy sa ibaba na “extension of period of stay, at iba pa”), kahit na meron o wala kayong suporta o kooperasyon mula sa inyong asawa. Matapos mag-expire ang inapubahang tagal ng inyong paglagi sa Japan, hindi na maaring tanggapin pa ang anumang aplikasyon para sa pagpapa-extend ng visa o tagal ng paglagi, at iba pa. Kaya, kailangang sumangguni agad kayo sa pinakamalapit na tanggapan ng Immigration Bureau, at iba pa, bago mag-expire o matapos ang inyong visa.

Ang mga pagbabago sa “status of residence” ay maaring ipagkaloob sa mga dayuhang magulang na nais magpatuloy ng kanilang paglagi sa bansa (halimbawa, upang ipagpatuloy ang pagpapalaki sa mga anak na may halong dugo ng Hapon). Para sa mga detalye, sumangguni sa pinakamalapit na tanggapan ng Regional Immigration Bureau, at iba pa.

8 Kapag lalagi sa Japan ng walang visa

Kung hindi ninyo magawang mag-apply para sa extension ng inyong visa o tagal ng paglagi sa Japan at iba pa. Matapos mag-expire ang tagal o expiration date sa inyong visa, magiging paglabag sa batas ang inyong patuloy na paglagi sa Japan. sa kasong ito, kailangang pumunta kayo sa pinakamalapit na tanggapan ng Regional Immigration Bureau, at iba pa at isagawa ang nararapat na pamamaraan para kumuha ng opisyal na pag-apruba sa inyong paglagi sa bansa. Kung hindi ninyo gagawin ito, ituturing na paglabag sa batas ang inyong patuloy na paglagi sa bansa (illegal residence) at hindi ninyo maaring gamitin ang iba’t-ibang benepisyo o sistemang ipinagkakaloob sa mga legal na nakatira sa Japan. Siguruhing isagawa ang nararapat na mga pamamaraan sa tanggapan ng Regional Immigration Bureau na malapit sa inyong lugar, at iba pa.

Bukod sa mga nabanggit sa itaas, ang mga naging biktima ng “human trafficking” ay maaring tumanggap ng proteksiyon, tumanggap ng konsultasyon o pagpapayo mula sa Embahada, Pulisya, Regional Immigration Bureaus, Women’s Consulting Offices, o iba pang tanggapan o organisasyon. Sumangguni sa itinakdang tanggapan o organisasyon para sa sapat na pagpapayo o konsultasyon.

9 Paghawak ng Alien Registration Card

Bilang batas, ang Alien Registration Card ay hindi ibinubunyang sa publiko. Ang kopya ng Alien Registration Card o isang “Certificate of registered matters”, ay maari lamang hilingin ng isang “proxy” o di kaya’y isang kamag-anak ng dayuhan, at iba pa, na kasama nitong nakatira. Kaya, ang asawang hiwalay sa isang dayuhan ay hindi maaring humingi ng kopya ng mga nabanggit na dokumento, kahit na may bisa pa ang kasal nito sa ilalim ng batas. Para sa mga detalye ukol sa paghawak ng Alien Registration Card, sumangguni sa tanggapan na nangangasiwa sa Alien Registration sa inyong munisipiyu.

FLOW CHART PARA SA PAGSUPORTA

